

PAGMIMISYON –

Isang Sariling

Pananaw

ni *Willer Manares*

PAGSASAGAWA

“MAHIRAP...”

Ito ang madalas na bukambibig ng isang mananampalataya pagdating sa Pagmimisyon. Ngunit walang mahirap kung ikaw ay may *kusang-loob na pagsang-ayon at kahandaan na sumunod* sa utos ng Panginoong Jesus. Sabi sa **Filipos 4:13** “*Ang lahat ng ito’y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo*”. Ang Panginoong Jesus ang nagbibigay sa atin ng lakas, salapi, panahon, buhay, at kaligtasan upang magawa natin *ang nais Niya – ang paghayo at pagbahagi ng Kanyang Salita sa lahat ng mga tao* (**Marcos 16:15**).

Lahat ng mga Cristiano o mga naligtas ay *dapat masangkot* sa Pagmimisyon. Tayo ay tinawag ng Diyos upang *ikalat at huwag ikahiya* ang Ebanghelyo. Huwag tayong matakot o mangamba, tiisin natin ang mga kaakibat na kahirapan at pagsubok, alang-alang sa pagsasagawa ng isang Misyon (**2 Timoteo 1:7-9**).

Ayon sa **Mateo 22:14**, “*...marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang pinili*”. Ngunit huwag mo namang sabihing, *sila lang* o ang mga Pastor at mga Manggagawa lang ang napili o hinirang ng Diyos na Magmimisyon. IKAW, bilang isang karaniwang kasapi ng isang Iglesya o Pagtitipon ay *maaaring pinili din naman*.

Baguhin mo at iwaksi ang mga negatibong pag-iisip (**Roma 12:2**) dahil “**MAY MAGAGAWA KA PARA MAKATULONG SA PAGLAGO NG PAGMIMISYON!**” **PANANALANGIN**

Lahat ng mga matagumpay na gawain ay bunga ng *masigasig* na pananalangin. Kung walang panalangin, wala ring mangyayari, magaganap, o mabubuo.

Mahalaga ang *pagtawag sa Diyos* kapag tayo’y Magmimisyon. Dito natin malalaman kung tayo ba ay isa sa mga napili na maging Misyonero. At sa pamamagitan nito ay *magkakaroon tayo ng sapat na lakas at determinasyon upang magpatuloy at hindi basta-bastang susuko* na lamang. Dito rin natin mababatid kung *paano kumikilos ang Diyos upang tayo’y tulungan sa lahat ng pagkakataon*.

Dapat nating *iasa sa Diyos ang lahat-lahat ng bagay tungkol sa* Pagmimisyon dahil Siya ang bahala at Siya ang lubos na nakakaalam kung paano bubuksan ang mga pintuan, bintana, at daan upang maipahayag ang Kanyang Pagliligtas sa mga hindi pa nakarinig ng Ebanghelyo at sa mga taong hindi pa nakasumpong sa Tunay na Tagapagligtas.

Tayong mga Cristiano ay *kakasangkapanin at gagamitin* ng Diyos upang *mailikas* ang mga tao mula sa kadiliman patungo sa Liwanag (**Juan 1:9**).

----cut here----

PAGMIMISYON –

Isang Sariling

Pananaw

ni *Willer Manares*

PAGSASAGAWA

“MAHIRAP...”

Ito ang madalas na bukambibig ng isang mananampalataya pagdating sa Pagmimisyon. Ngunit walang mahirap kung ikaw ay may *kusang-loob na pagsang-ayon at kahandaan na sumunod* sa utos ng Panginoong Jesus. Sabi sa **Filipos 4:13** “*Ang lahat ng ito’y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo*”. Ang Panginoong Jesus ang nagbibigay sa atin ng lakas, salapi, panahon, buhay, at kaligtasan upang magawa natin *ang nais Niya – ang paghayo at pagbahagi ng Kanyang Salita sa lahat ng mga tao* (**Marcos 16:15**).

Lahat ng mga Cristiano o mga naligtas ay *dapat masangkot* sa Pagmimisyon. Tayo ay tinawag ng Diyos upang *ikalat at huwag ikahiya* ang Ebanghelyo. Huwag tayong matakot o mangamba, tiisin natin ang mga kaakibat na kahirapan at pagsubok, alang-alang sa pagsasagawa ng isang Misyon (**2 Timoteo 1:7-9**).

Ayon sa **Mateo 22:14**, “*...marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang pinili*”. Ngunit huwag mo namang sabihing, *sila lang* o ang mga Pastor at mga Manggagawa lang ang napili o hinirang ng Diyos na Magmimisyon. IKAW, bilang isang karaniwang kasapi ng isang Iglesya o Pagtitipon ay *maaaring pinili din naman*.

Baguhin mo at iwaksi ang mga negatibong pag-iisip (**Roma 12:2**) dahil “**MAY MAGAGAWA KA PARA MAKATULONG SA PAGLAGO NG PAGMIMISYON!**” **PANANALANGIN**

Lahat ng mga matagumpay na gawain ay bunga ng *masigasig* na pananalangin. Kung walang panalangin, wala ring mangyayari, magaganap, o mabubuo.

Mahalaga ang *pagtawag sa Diyos* kapag tayo’y Magmimisyon. Dito natin malalaman kung tayo ba ay isa sa mga napili na maging Misyonero. At sa pamamagitan nito ay *magkakaroon tayo ng sapat na lakas at determinasyon upang magpatuloy at hindi basta-bastang susuko* na lamang. Dito rin natin mababatid kung *paano kumikilos ang Diyos upang tayo’y tulungan sa lahat ng pagkakataon*.

Dapat nating *iasa sa Diyos ang lahat-lahat ng bagay tungkol sa* Pagmimisyon dahil Siya ang bahala at Siya ang lubos na nakakaalam kung paano bubuksan ang mga pintuan, bintana, at daan upang maipahayag ang Kanyang Pagliligtas sa mga hindi pa nakarinig ng Ebanghelyo at sa mga taong hindi pa nakasumpong sa Tunay na Tagapagligtas.

Tayong mga Cristiano ay *kakasangkapanin at gagamitin* ng Diyos upang *mailikas* ang mga tao mula sa kadiliman patungo sa Liwanag (**Juan 1:9**).

Ang ating pagtawag sa Diyos sa *pamamagitan ng pangalan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon* ay siyang *unang dapat gawin* ng isang Cristianong nais sumunod sa pagsasagawa ng dakilang gawain ng Pagmimisyon. Bagamat alam na ng Diyos na kailangan natin Siya, *ang pananalangin ay napakahalaga pa rin sa bawat oras (Filipos 4:6).*

PAGBIBIGAY

“Paano tayo hahayo o makakapunta sa dapat nating pagdalhan ng Mabuting Balita?”

Isang simpleng tanong na napakahirap sagutin kapag ang isang tao’y makasarili. Ang tumpak na kasagutan ay: **MAGBIGAY**. Pakatandaan natin na *ang Diyos ang unang nagbigay* sa atin ng Kanyang Kaisa-isang Anak (**Juan 3:16**) na naging dahilan upang *si Jesu-Cristo ang kauna-unahang nagbigay ng Kanyang Sarili* sa atin upang tayo’y maligtas sa kamatayan. Ipinako Siya at nalagutan ng hininga sa Krus ng Kalbaryo para sa akin at sa’yo.

Isang kamatayan na pinakamatindi sa lahat ng uri ng pagkamatay na kusang-loob na tiniis ng ating Panginoon *alang-alang sa Kanyang Pagbibigay* ng Kaligtasan. **SAKRIPISYO**, ito ang tawag sa Kanyang ginawa. Ngayong nagawa na ng Tagapagligtas ang Kanyang bahagi, ang Pagbibigay. Ito ang siyang naging dahilan na tayo naman ngayo’y nagkaroon ng *karapatan upang magbigay* din ng *sakripisyo na maluwa sa dibdib (Roma 12:1), at maluwa sa bulsa (2 Corinto 9:7)*. Sa totoo lang, ang Diyos din naman ang nagbigay sa atin ng salapi, pati na ng ating lakas upang makapaghanap-buhay kaya’t *wala talaga tayong maidadahilan upang hindi magbigay* upang masimulan at maisagawa ang Pagmimisyon.

AKRONIM NG SALITANG

“MISYON”

M-*agandang*

I-*sakatuparan* at

S-*imulan* ang

Y-*ayabong* na

O-*bligasyon*

N-*atin*

Nawa ay nakatulong ang munting pananaw na aking ibinahagi sa inyo. Sana’y magsilbi itong inspirasyon sa lahat ng mga Cristianong nagpapahalaga sa mga gawain ng Diyos lalung-lalo na sa nakasaad sa **Mateo 28:19-20**. *Sa Diyos ang luwalhati!* Para sa karagdang impormasyon o nais mong makipag-usap tungkol sa mga katotohanang kagaya ng nabasa mo o gusto mong magbigay ng karagdang mungkahi, suhestiyon atbp., makipag-ugnayan po lamang sa may-akda, maaari kang magtext o tumawag sa **09222260990**, puwede ka ring mag-email sa willer10@writing.com.

Nagagalak po kami sa gagawin mong hakbang. Pagpalain ka ng Diyos!

Copyright © 2003 by *Willer Manares*. Revised Edition 2013. May be reproduced by asking permission from the author and publisher.

Ang ating pagtawag sa Diyos sa *pamamagitan ng pangalan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon* ay siyang *unang dapat gawin* ng isang Cristianong nais sumunod sa pagsasagawa ng dakilang gawain ng Pagmimisyon. Bagamat alam na ng Diyos na kailangan natin Siya, *ang pananalangin ay napakahalaga pa rin sa bawat oras (Filipos 4:6).*

PAGBIBIGAY

“Paano tayo hahayo o makakapunta sa dapat nating pagdalhan ng Mabuting Balita?”

Isang simpleng tanong na napakahirap sagutin kapag ang isang tao’y makasarili. Ang tumpak na kasagutan ay: **MAGBIGAY**. Pakatandaan natin na *ang Diyos ang unang nagbigay* sa atin ng Kanyang Kaisa-isang Anak (**Juan 3:16**) na naging dahilan upang *si Jesu-Cristo ang kauna-unahang nagbigay ng Kanyang Sarili* sa atin upang tayo’y maligtas sa kamatayan. Ipinako Siya at nalagutan ng hininga sa Krus ng Kalbaryo para sa akin at sa’yo.

Isang kamatayan na pinakamatindi sa lahat ng uri ng pagkamatay na kusang-loob na tiniis ng ating Panginoon *alang-alang sa Kanyang Pagbibigay* ng Kaligtasan. **SAKRIPISYO**, ito ang tawag sa Kanyang ginawa. Ngayong nagawa na ng Tagapagligtas ang Kanyang bahagi, ang Pagbibigay. Ito ang siyang naging dahilan na tayo naman ngayo’y nagkaroon ng *karapatan upang magbigay* din ng *sakripisyo na maluwa sa dibdib (Roma 12:1), at maluwa sa bulsa (2 Corinto 9:7)*. Sa totoo lang, ang Diyos din naman ang nagbigay sa atin ng salapi, pati na ng ating lakas upang makapaghanap-buhay kaya’t *wala talaga tayong maidadahilan upang hindi magbigay* upang masimulan at maisagawa ang Pagmimisyon.

AKRONIM NG SALITANG

“MISYON”

M-*agandang*

I-*sakatuparan* at

S-*imulan* ang

Y-*ayabong* na

O-*bligasyon*

N-*atin*

Nawa ay nakatulong ang munting pananaw na aking ibinahagi sa inyo. Sana’y magsilbi itong inspirasyon sa lahat ng mga Cristianong nagpapahalaga sa mga gawain ng Diyos lalung-lalo na sa nakasaad sa **Mateo 28:19-20**. *Sa Diyos ang luwalhati!* Para sa karagdang impormasyon o nais mong makipag-usap tungkol sa mga katotohanang kagaya ng nabasa mo o gusto mong magbigay ng karagdang mungkahi, suhestiyon atbp., makipag-ugnayan po lamang sa may-akda, maaari kang magtext o tumawag sa **09222260990**, puwede ka ring mag-email sa willer10@writing.com.

Nagagalak po kami sa gagawin mong hakbang. Pagpalain ka ng Diyos!

Copyright © 2003 by *Willer Manares*. Revised Edition 2013. May be reproduced by asking permission from the author and publisher.